

SENIOR HIGH SCHOOL



Filipino sa Piling Larang (Akademik) Ikalawang Markahan Modyul 13

Pagsulat ng Isang Organisado, Malikhain at Kapani-paniwalang Sulatin



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Filipino sa Piling Larang (Akademik)
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan-Modyul 13
Unang Edisyon, 2021

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Catherine F. Alcantara, Alfredo R. Alcantara, Alfred S. Mendoza

Editor: Rosarie R. Carlos

Katuwang na Editor: Alfred S. Mendoza

Tagasuri: Rosarie R. Carlos

Tagaguhit:

Tagalapat: Raphael A. Lopez

Tagapamahala: Wilfredo E. Cabral

Arnulfo M. Balane

Micah G. Pacheco

Ma. Gloria G. Tamayo

Dennis M. Mendoza

Dr. Meliton R. Zurbano

Filmore R. Caballero

Jean A. Tropel

Rosarie R. Carlos

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Office Address: Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

E-mail Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph

SENIOR HIGH SCHOOL

**Filipino sa Piling
Larang (Akademik)
Ikalawang Markahan
Modyul 13
Pagsulat ng Isang
Organisado, Malikhain
at Kapani-paniwalang
Sulatin**

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang (Akademik)-Baitang 12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagsulat ng Isang Organisado, Malikhain at Kapani-paniwalang Sulatin!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pamribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino sa Piling Larang (Akademik)-Baitang 12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagsulat ng Isang Organisado, Malikhain at Kapani-paniwalang Sulatin!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga tanong o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin

humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

Pagbati! Matagumpay mong naisakatuparan ang mga gawain sa nakaraang modyul. Ngayon ay nasa ika-13 Modyul na tayo at inaasahang muli na magiging makabuluhan at kawili-wili ang iyong magiging karanasan sa pagtugon sa mga gawaing nakapaloob sa araling ito.




Alamin

Ang modyul na ito ay idinisenyo upang ikaw ay matulungan na matamo ang mga kasanayang inaasahan sa kursong Filipino sa Piling Larang (Akademik). Tatalakayin dito ang mga pamamaraan sa pagsulat na nagpapamalas ng pagiging organisado, pagkamalikhain at kapani-paniwala ng isang Akademikong Sulatin. Ang gagamiting halimbawa sa pagsulat na ito ay *Pictorial Essay*, Talumpati at Replektibong Sanaysay. Ang mga halimbawang itatampok sa modyul na ito ay magagamit mo bilang gabay sa pagsulat. Ang nilalaman nito ay posibleng iba sa nilalaman ng karaniwang aklat ngunit isinaayos ang mga aralin ayon sa istandard na batayan sa pagtuturo ng kursong ito.

Pagkatapos mong sagutan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nakasusulat ng isang organisado, malikhain at kapani-paniwalang sulatin.
(CS-FA11/12PU-Op-r-94)



Subukin

Panuto. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Aling hanay ng pagkakasunod-sunod ng mga pangungusap ang nagpapakita ng kronolohikal na organisasyon ng mga pahayag?
 - I. Naiwan kong tiwangwang ang mga *tools* dahil sa pagkabigla.
 - II. Habang nagkukumpuni ako ng motor, biglang nagliyab ang tangke ng langis.
 - III. Dahil sa narinig kong kalampag ng makina kahapon, naglaan na ako ng panahon ngayon upang baklasin ito.
 - IV. Narinig kong muli ang masamang tunog nang magrebolusyon ako nang tatlong ulit.

A. III, IV, II & I B. III, I, IV & II C. I, II, III & IV D. IV, III, I & II
2. Alin ang hindi nabibilang sa diwa ng sumusunod na mga salita at nagpapahina sa organisasyon nito?
 - I. Siyensya
 - II. Pilosopiya
 - III. Politika
 - IV. Enerhiya

A. I & II B. I, II & IV C. III D. IV

3. Sumusulat ka ng isang piyesang pantalumpati na ilalahok mo sa isang timpalak. Bibigkasin ito sa harap ng iyong mga katunggali. Paano mo ipamamalas ang pagiging malikhain sa pagpapakita ng pinakamasidhing agresyon ng pagpapakilala ng iyong sarili nang hindi napipinsala ang iyong persona bilang isang maginoong kalahok?
- A. Ako’y walang nais na masama sa aking kapwa mananalumpati. Ikinagagalak ko na kayo’y makatunggali.
 B. Nakatayo ngayon sa inyong harapan ang mag-uuwi ng karangalan!
 C. Akala ko’y nasa peryaan ako. Marami kasing unggoy sa paligid ko.
 D. Bakit pa kayo dumalo kung naririto na ako?
4. Alin sa mga sumusunod na salitang naglalarawan ang angkop na gamitin sa pangungusap upang ipakita ang pagiging malikhain ng manunulat.
 “Kung _____ ko ang salapi sa layaw, parusahan mo ako.”
- A. ginasta B. ginugol C. sinayang D. winaldas
5. Alin sa sumusunod na mga pahayag ang higit na kapani-paniwala?
- A. Sabi sa balita, tumataas daw ang kaso ng biktima ng *Covid-19*. Sinangayunan naman ito ng mga kapitan at tanod sa mga barangay kaya’t pinaghahanda na ang publiko sa posibleng *lock down*.
 B. Ayon kay Enriquez (2021), ipinahayag ng WHO na hindi tataas ang bilang ng mga nagkakasakit kung sumusunod ang mga mamamayan sa pagsusuot ng *face shield*.
 C. Mababasa sa *trending* ngayon sa *social media* na hindi naman na kailangan ang *face shield* o obligahin ang tao na magsuot nito.
 D. Isang *nurse* ngayon ang nasawi dahil sa pagkahawa sa *Covid-19* kaya’t paghandaan ang mas mahigpit na *lock down*.

**Aralin
13**

**Pagsulat ng Isang Organisado,
Malikhain at Kapani-paniwalang
Sulatin**



Balikan

Panuto: Punan ang talahanayan ng mga hinihinging impormasyon tungkol sa Pictorial Essay, Replektibong Sanaysay at Talumpati. Isulat ang talahanayan sa iyong sagutang papel.

	<i>Pictorial Essay</i>	Talumpati	Replektibong Sanayay
Katangian			
Mga bahagi			

Mga katawagan o terminolohiyang dapat tandaan sa pagsulat			
Layon ng manunulat			



Mga Tala para sa Guro

Isa sa mga gampanin natin bilang guro ang matulungan ang mga mag-aaral na makapagbahagi ng kanilang samo't saring karanasan at saloobin. Ang pagsasanay sa pagsulat ng mga akademikong sulatin gaya ng *Pictorial Essay*, Talumpati at Replektibong Sanaysay ay makatutulong nang malaki upang maging organisado, malikhain at kapani-paniwala ang pagsulat ng mga mag-aaral.



Tuklasin

Panuto: Basahin ang mga Sulating Akademiko sa baba at sagutin sa sagutang papel ang mga tanong sa pag-unawa.

Talumpati:

Si Manuel L. Quezon sa Pananaw ng Makabagong Kabataang Pilipino

Alfred S. Mendoza

***nanalakay ang mga hapon
sumabog ang Pearl Harbor
idineklara ang Martial law
pinaslang si Ninoy Aquino
at sa lahat ng pangyayaring ito
nanatili pa rin ang pangalang Quezon sa puso at isipan ng mga tao...***

Hindi yata't nagsisinungaling ang pangungusap na ito, Manuel. Bunga ng pagpupumilit ng mga taong namamag-asa na maaalala at mabubuhay ang iyong katauhan, ipinangalan ka sa isang maunlad na lungsod, kalsada, gusali at paaralan. Upang patingkarin ang iyong mga kontribusyon, ipinagdiwang ang unang Linggo ng Wika sa bansa sa araw ng iyong kapanganakan. Sa paaralan ay nananatili ang mga leksyong ikaw ay isang bayani, pilantropo, huwaran at henyo sa larangan ng talumpatian. Gayonpaman, hindi ka nila kilala Quezon...

Limot ka na ng sambayanan, Manuel. Isa ka na lamang pangalan ng maunlad na lungsod na pilit na ikinukubli ang mapait na dusta ng kahirapan laban sa kaunlaran. Ngayo'y isa ka na lamang karatulang pangalan ng gusaling nagpapanggap na isulong ang iyong mga dakilang adhikain. Sa mga paaralan ay mananatili kang talambuhay at talambuhay na lamang. Matatapos ang daang taong ito ngunit ang iyong alaala ay mananatiling isang palamuti sa isang sulok ng inaanay na ideolohiyang lipas na ng panahon. Ang mga binigkas mong pahayag sa iyong mga talumpati ay magmimistulang ritmo na lamang ng mga susunod na awit ng Buwan ng Wika. Samantalang ang iyong mga pangarap ay magiging himig ng mga makabayang nag-aalay ng pag-asa na isang araw sisilay ang bagong umaga...

Nahihiya ako sa iyo Manuel. Ikinahihiya kong matamisin ang kasinungalingang ikaw ay kilala pa ng kabataan sa panahon ngayon... sa tuwing sinasabi nilang ikaw ang ama ng wikang pambansa ay kinakain ako ng kumunoy ng aking kahihyan. Ikinalulungkot kong ang pagmamahal ko sa wikang Filipino ay hindi sapat upang baguhin ang mentalidad ng marami na:

Ingles ang susi sa pag-unlad ng ekonomiya ng Pilipinas...

English-policy ang sagot sa kahinaan sa pakikipag-ugnayang panlabas...

Ingles ang dapat na ituro, gamitin at salitain ng mga bata sa paaralan...

...

- Kapag ang bayang ito ay hindi nagising sa bangungot na nilikha ng kolonyalisasyon, ang ekonomiya ng bansa ay mananatiling anino ng dayuhan at ang sistema ng politika ay magpapatuloy na parang isang malalang kanser na kakain sa sarili nitong buto hanggang sa ito'y tuluyang malumpo.

At kapag patuloy nating binaliwala ang mga payo ng dating pangulo, ang bayang ito'y aawit ng isang ponebre na maghahatid sa kanyang huling hantungan...

***mananalakay na naman ang mga hapon
sasabog ang bagong Pearl Harbor
magdedeclarang muli ng Martial law
papaslangin ang isa pang Ninoy Aquino
at sa lahat ng pangyayaring ito
mananatili na lamang ang pangarap ni Quezon sa puso at isipan ng mga
tao...***

Mga tanong sa pag-unawa:

1. Napansin mo ba ang mga pahayag sa una at huling bahagi ng talata? Paano naging kapansin-pansin sa iyo ang mga pahayag? Ano kaya ang layunin ng may-akda sa paglalagay ng mga pahayag na ito?
2. Sa unang dalawang talata ng talumpati, ano ang napansin mong istilo ng manunulat sa pagpapakilala kay dating pangulong Quezon? Paano naging magkaugnay ang prologo ng talumpati sa unang dalawang talata?
3. Ihambing ang tinig ng ikatlong talata sa una at ikalawa. Anong pagbabago sa tinig ang naging kapansin-pansin sa mambabasa?
4. Sa unang tatlong talata ng talumpati, saang bahagi ipinakita ng manunulat ang usaping tatalakayin sa talumpati? Ano-anong mga salita ang nagbigay sa iyo ng palatandaan upang malaman ang tema ng pagtalakay sa usapin ng may-akda?

Replektibong Sanaysay

Kalabang Hindi Nakikita

ni Nimfa G. Dalida

Maaga pa’y gumising na ako upang makinig ng balita kung may pagbabago na sa sitwasyon ng buong bansa. Inalam ko ang kalagayan ng mga “frontliners”, mga OFW at mga kababayang katulad ko na naapektuhan ng kalabang hindi nakikita at kinatatakutan.

Matapos kong mag-agahan ay inayos na ang ilang tanim na gulay sa likod-bahay na dati ay hindi ko binibigyang pansin. Napatingin ako sa paligid, tahimik at walang ingay ang nagdaraang sasakyan sa kalsada. Mag-iisang buwan na ring ganito ang takbo at larawan ng buhay.

Paminsan-minsan, napangingiti ako kapag nakikita ang kagandahan at katahimikan ng paligid. Kapansin-pansin din na ikaw ay nakalalanghap na ng sariwang hangin at umaliwalas ang kalawakan dahil nabawasan ang usok na galing sa mga sasakyan, pabrika at iba pa. Sa isang iglap, nagkasama-sama ang buong pamilya dahil sa *lockdown* at sa ipinatupad na *work from home*. Dahil dito, nadiskubre ang kahinaan at kalakasan ng bawat miyembro ng pamilya...

- Ika nga sa awiting “Pagbangon” ni Judie Ann San Jose “**isang bayan tayo’y aahon, walang maiwan sa pagbangon, isang lakas, isang pag-asa patungo sa bagong umaga**” at sigaw ng sambayanan *Heal as One*.

Panuto: Sagutin ang mga katanungan kaugnay sa binasang sulatin.

1. Ang mga manunulat ay may iba’t ibang estilo ng paglalahad o pagtalakay sa paksa. Sa nasabing sulatin, anong estilo ng pagsulat ng konklusyon ang ginamit?
2. Naging kapani-paniwala ba ang nilalaman ng sanaysay? Patunayan.
3. Isa-isahin mo ang mga katotohanang nakapaloob sa sanaysay. Alin sa mga ito ang mapagbabatayan mo sa pagtiyak sa katotohanan ng sanaysay?

Pictorial Essay

Guro sa Hamon ng Pandemya

Nina Robert P. Martin, Carlota B. Aguinaldo at Alfred S. Mendoza

Tunay na isang matinding hamon ang hatid ng pandemya sa larangan ng edukasyon. Ang nakagugulat na sistemang *new normal* ay sumubok sa kakayahan at katatagan ng mga guro.

Una na rito ang paghahanda at pagsulat ng mga kagamitang pampagtuturo gaya ng modyul, SLK, mga *slide decks* at iba pa. Kasabay nito ang paglahok ng guro sa kabi-kabilang *webinars* at pag-aaral sa iba't ibang aplikasyon na angkop sa kasalukuyang pamamaraan ng pagtuturo.



Ikalawa, ang paglalagay ng mga kubol, mga pananda para sa *social distancing* at karagdagang proteksyon para sa mga mag-aaral at magulang na magtutungo sa paaralan.

Ang sumunod na hamon na kinaharap ng mga guro ay ang paghikayat sa mga mag-aaral na dumalo sa *online class* at magpasa ng mga modyul sa takdang panahon. Kaakibat nito, ang pagharap sa suliranin ng kawalan ng *gadget* at *internet connection* ng ilang mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ang pagbisita ng guro sa tahanan ay patuloy na isinagawa sa panahon ng pandemya upang malaman ang sitwasyon ng mga mag-aaral kung paano niya binibigyang-halaga ang kaniyang pag-aaral.



Sa huli, sinuong ng mga guro ang panganib upang isaayos ang mga dokumento kagaya ng *Form 137* o *SF10*, *Report Card* o *SF9*, tala ng mga mag-aaral o *SF1*, at iba pang mahahalagang papel.




Sa kabila ng lahat, maipagmamalaking higit na naging matatag ang guro sa gitna ng pandemya.



Mga tanong:

1. Paano nakatulong ang larawan sa pag-unawa sa sanaysay?
2. Paano inilarawan ang mga sitwasyong pinakita sa larawan?
3. Ano-anong mga katotohanan ang binabanggit sa sanaysay?



Suriin

Bago Sumulat

Iba-iba ang pamamaraan ng bawat manunulat sa kani-kanilang pagbuo ng akda o sulatin. May kanya- kanyang istilo ang ginagamit ng mga awtor upang maging kaayaya at malinaw ang paglalahad ng mga impormasyon. Gayonpaman, nagkakaiba-iba man sa istilo, ang lahat naman ay sumusunod sa pamantayan na maging organisado ang pagkakahayanay ng mga pangungusap. Kung susundin ang aklat ni Badayos (1999), may binabanggit siyang mga yugto ng pagsulat kung saan nagaganap ang paghahanda ng manunulat upang maging organisado ang isang sulatin. Ito aniya ay nagaganap sa yugto bago ang pagsulat.

Sa yugto bago sumulat, ang manunulat ay naghahanda ng kanyang pamamaraan kung paano niya paplanuhin ang kanyang sulatin. Ito ay nakatutulong upang maging organisado ang kanyang mga salitang gagamitin at maiayos ang pagkakahayanay ng mga pangungusap.

Paano magiging organisado ang pagsulat ng isang akademikong sulatin?

Napakaraming pamamaraan upang iorganisa ang iyong sulatin. Sa modyul na ito ay tatalakayin natin ang ilan sa mga pamamaraan upang maihanda mo ang iyong sulatin at maisulat mo ito nang may kaayusan.

1. Saan nakabatay ang organisasyon?

Tematik – maaari mong iorganisa ang iyong sulatin sa pamamagitan nang pagsasama-sama ng mga paksa o pagbibigay ng tema sa bawat talata o bahagi nito. Makatutulong ito upang maging madali sa mambabasa na maunawaan ang paksa at detalye ng pinag-uusapan sa sulatin.

Panahon o pagkakasunod-sunod – kung ang iyong susulatin ay nagtataglay ng elemento ng panahon, isa sa pinakamadaling paraan upang iorganisa ang iyong sulatin ay sa pamamagitan ng pagsusunod-sunod ng mga pangyayari o impormasyon batay sa panahon. Maaari mong bigyan ng konsiderasyon ang mga petsa, kawing ng mga pangyayari, o mga palatandaan na magbibigay ng hudyat ng mga panahon.

Halaga ng impormasyon – ang bigat o halaga ng impormasyon ay maaaring ibatay sa kaugnayan nito sa paksang tinatalakay. Maaari mong unahin ang pinakamahalagang impormasyon kung ang iyong layunin ay ihain agad sa mambabasa ang pinakamalaking tipak ng impormasyon upang maengganyo itong magbasa. O maaari mo namang simulan ang paglalahad ng mga impormasyon sa pamamagitan ng pag-uunti-unti mula sa pinakamaliit na impormasyon hanggang sa pinakamahalagang bahagi o tampok nito.

2. Paraan ng pag-oorganisa

Sumulat ng balangkas – isa sa pinakapangunahing pamamaraan ng pagsulat ay ang pagbuo ng planong balangkas. Makatutulong ito upang makita ang saklaw ng iyong isusulat. Makapagbibigay rin ito ng ideya kung paano mabuting ihanay ang pagkakasunod-sunod ng mga impormasyon.


Gumamit ng mga graphic organizer – magiging madali naman sa manunulat ang pagpapalano ng pagsulat kung gagamit siya ng mga biswal na pagbabalangkas o paghahanay ng mga impormasyon. Katulad ito ng isang balangkas ngunit ang kaibahan lamang ay mas mabilis itong isulat at higit na madaling ipakita ang ugnayan ng mga salita sa isa't isa.

Paano maipakikita ang pagiging malikhain ng isang akademikong sulatin?

1. *Pagiging malikhain sa pagpili ng salitang gagamitin*- Bagaman ang akademikong pagsulat ay nangangailangan ng payak na mga salita upang higit na maunawaan ng lahat, hindi pa rin maikakailang ang paggamit ng matatalinghagang pahayag ay makatutulong upang mas maging epektibo at kaakit-akit ang sulatin. Mahalaga rin ang paggamit ng angkop at tiyak na mga salita upang mas maging malinaw ang mensaheng nais ipahatid sa mga mambabasa.
2. *Pagpapakilos ng imahinasyon ng mambabasa*- Hindi lang sapat na gumamit ng mga salitang naglalarawan upang maiguhit ang imahe sa isipan ng mga mambabasa. Sa tulong ng mabisang paglalarawan ng manunulat, napagagana ang iba't ibang pandama ng mga mambabasa. Mahalagang maramdaman nila na sila ay kabilang o kasangkot sa kanilang binabasa na nag-uudyok sa kanilang magbigay ng reaksiyon, sumang-ayon o sumalungat sa sinasabi ng may-akda.
3. *Pagpili ng istilo sa pagsulat*- Ang bawat may-akda ay may kanya-kanyang istilo sa pagsulat. Ang iba ay gumagamit ng payak at maiikling pangungusap habang ang iba naman ay matatalinghaga at mahahabang pangungusap. May iba't ibang paraan din ng pagsulat ng panimula at wakas tulad ng pagtatanong, pagsasalaysay, paglalarawan ng isang tao o pangyayari, tuwirang paglalahad sa paksa at iba pa. Sa kabilang banda, sa paghahabi ng katawan ng teksto, ang iba ay gumagamit ng sanhi at bunga, pag-iisa-isa, pagsusunod-sunod ng pangyayari, paglalahad ng proseso, paghahambing at iba pa. Dahil sa mabisang pagpili ng angkop na istilo o pamamaraan sa pagsulat ng anomang uri ng sulatin, nagiging malikhain ang paghahatid ng mensahe ng may-akda. Gumamit ng iba-ibang estilo sa pagsulat upang maiwasan ang pagkabagot ng mga mambabasa.

Paano magiging kapani-paniwala ang isang akademikong sulatin?


1. *Paggamit ng mga batayan o sanggunian* – ang paglalahad ng kaisipang pawang nakabatay sa sariling haka-haka ay hindi ganap na kapani-paniwala. Mahalagang tukuyin ang pinaghanguan ng impormasyong pinagbatayan ng isang pahayag o opinyon upang ito maging kapani-paniwala. Sa mga talata, maaaring gumamit ng mga salitang ayon kay..., ayon sa pag-aaral... , binanggit ni..., at iba pa.
2. *Lohikal na pagpapahayag* – ang maayos na pagkakaugnay-ugnay ng mga konsepto o kaisipan ay nagdudulot ng malinaw at kapani-paniwalang sulatin. Kung hindi organisado ang paghahanay ng mga ito, gaano man kaganda ang isang sulatin, mabibigong matamo ang layunin ng may-akda. Ang pagbibigay ng ganap na katwiran sa paninindigan ay nakatutulong din upang paniwalaan ng mambabasa ang tindig ng may-akda.
3. *Pagbatay sa katotohanan* – mas nakauugnay ang mga mambabasa sa sulatin kung ang mga inilalahad na sitwasyon ng manunulat ay nakabatay sa reyalidad. Higit nilang nauunawaan at napapahalagahan ang layunin at mensahe ng sulatin sapagkat ito ay nagaganap sa tunay na buhay. Bukod pa rito, ang isang sulating nagsusulong ng katotohanan ay nagpapamulat sa isipan ng mga mambabasa.



Pagyamanin

Gawain 1

Panuto: Sumulat ng isang organisado, malikhain at kapani-paniwalang sulatin batay sa larawan. (*mula sa Art of Elizaah Tan*)



Gamiting gabay ang sumusunod na pamantayan:

1. Gawing organisado ang mga pangungusap at talata.
2. Maging malikhain sa pagpili ng mga salitang gagamitin.
3. Ibatay sa katotohanan ang iyong mga impormasyon.
4. Mula sa aralin sa itaas, pumili ng mga dulog o estilo sa pagsulat ng isang sulatin.
5. Isaalang-alang ang pagpapalano bago sumulat.

Gawain 2

Panuto: Sumulat ng isang piyesang pantalumpati hinggil sa natatanging paksa. Gaya ng halimbawang binasa sa taas. Maging malikhain sa paglalahad sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga paglalarawan sa paksa at mga detalye nito. Upang maging kapanipaniwala ang iyong sulatin, maging organisado sa paglalahad ng mga katotohanan sa pamamagitan ng paghahanay ng mga argumento o tindig. Isulat ang iyong talumpati sa sagutang papel.



Isaisip

Panuto: Isaayos ang mga ginulong letra upang mabuo ang salitang tinutukoy sa bawat bilang at isulat ito sa sagutang papel.

1. Ang (AIIOCLPRT AESSY) ay may layuning maipabatid ang nilalaman ng isang akda sa pamamagitan ng mga larawan at deskripsyon.
2. (AAIOODGNSR) ang katangiang ito ng *Pictorial Essay* sapagkat ang mga larawan at kaisipang nakapaloob dito ay nakaayos ayon sa lohikal na pagkakasunod-sunod.
3. Kinakailangang ang mga pipiliing (AEIHM) ng lilikhaing *Pictorial Essay* ay tunay na may kalidad ang komposisyon.
4. Karaniwang umiikot lamang sa iisang (AAKPS) ang *Pictorial Essay* bagaman ito ay binubuo ng mga serye ng mga larawang magkakaugnay.
5. Nararapat na isaalang-alang ang target na (AAAABBMMS) sa pipiliing paksa, gagamiting wika at mga larawan na nakapaloob sa *Pictorial Essay*.



Isagawa

Panuto: Humanap ng isang makahulugang larawan na nagpapakita ng isyung panlipunan. Ilimbag o gumupit nito at idikit sa sagutang papel. Sumulat ng isang replektibong sanaysay. Gamitin ang rubriks sa baba bilang gabay sa pagsulat.

Pamantayan	Puntos
Malinaw na paksa at tiyak na pokus	5
Sariling-likha	5
Organisado, malikhain at kapani-paniwalang sulatin	5
May kalidad ang ginupit na larawan	5
Maingat at mahusay na paggamit ng wika	5
Kabuoan	25



Tayahin


Panuto: Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat ito sa sagutang papel.

1. Ikaw ay nahilingang magbigay ng talumpati ukol sa pagpapatuloy ng *online class* sa bansa. Alin sa sumusunod na hakbang ang una mong gagawin?
 - A. Pagbuo ng pangunahing kaisipan ng paksang tatalakayin.
 - B. Pananaliksik ng datos at mga kaugnay na babasahin.
 - C. Pagpili ng naaangkop na istilong gagamitin sa pagsulat at pagbigkas ng talumpati
 - D. Paghihimay-himay sa mahahalagang detalyeng bibigyang pansin upang maging komprehensibo ang talumpati
2. Pagsunod-sunorin ang mga pahayag sa baba upang makabuo ng isang organisadong talata.
 - I. Hindi maikakailang nagdulot ng matinding suliranin sa ating lahat ang *COVID-19*.
 - II. Naniniwala ako na kahit anong hirap ng sitwasyon natin, marami namang paraan upang matugunan ang kanilang pag-aaral.
 - III. Lahat tayo ay nahihirapan sa kasalukuyang sitwasyon ngunit ang pag-aaral at pagkatuto ng mga bata ay hindi dapat ipagsawalang bahala.
 - IV. Kailangan lamang magtulungan ang bawat isa upang mapagtagumpayan ang hamong hatid ng pandemya lalong-lalo na sa larangan ng edukasyon.

A. I, II, III, IV B. I, III, II, IV C. I, III, IV, II D. I, II, IV, III
3. Ang iyong pangkat ay kolaboratibong magsusulat ng isang halimbawa ng akademikong sulatin. Malaya kayong pumili ng paksa ngunit ang sulatin ay dapat na maging kapani-paniwala. Alin sa sumusunod na pahayag ang inyong gagamitin bilang batayan o sanggunian upang mapatunayang kapani-paniwala ang bubuoing sulatin?
 - A. Nag-viral na video ng isang *vlogger* ukol sa pamimigay niya ng tulong sa mga mahihirap.
 - B. Nagbigay ng opinyon ang ilang kilalang *celebrities* ukol sa kalagayan ng ekonomiya sa bansa.
 - C. Naging usap-usapan sa *social media* ang napipintong *limited face to face classes* sa ilang piling probinsya sa bansa.
 - D. Napatunayan sa isang pananaliksik na ang pangunahing suliranin ng mga guro sa Araling Panlipunan gamit ang Filipino bilang wikang panturo ay ang kakulangan ng kanilang pagdalo sa mga seminar at kakulangan ng mga makabagong kagamitan sa pagtuturo.
4. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagkamalikhain sa pagsulat ng panimula ng replektibong sanaysay?
 - A. “Kailan kaya tayo makakalaya sa tanikalang ito ng pandemya?”
 - B. “Ang pandemyang ito ay nagdulot ng napakalaking epekto sa pamumuhay nating lahat.”
 - C. “Kumusta ang buhay ninyo sa loob ng mahigit isang taong tayo ay nasa gitna ng pandemya?”
 - D. “Ang paksang aking tatakayin ay tungkol sa isang karanasang di malilimutan sa panahon ng pandemya.”


5. Alin sa sumusunod na pangungusap sa loob ng kahon ang walang kaugnayan sa buong talata?
 A. 1 B. 2 C. 3 D. 4

(1) Nang matukoy na kung aling pangkat ang gagamitan ng lokalisadong kagamitan at pangkat na gagamitan ng hindi lokalisadong kagamitan, ang mananaliksik ay nagsagawa ng pagtuturo batay sa inihandang Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo o *Daily Lesson Log (DLL)*. **(2)** Siya ay naghanda ng iba't ibang estratehiyang gagamitin sa pagtuturo ng pagbasang may pag-unawa. **(3)** Ngunit bago ito maganap, nagkaroon muna ng *pre-test* kung saan ang bawat pangkat na may tiglimang kasapi ay lumikha ng lokalisadong panukalang proyekto sa tulong ng kanilang dating kaalaman. **(4)** Walang ibinigay na pormat ang mananaliksik maliban sa dalawang pamantayang inihanda ng mananaliksik. **(5)** Nang matapos ang *pre-test* ay kinolekta na ito at nagkaroon ng maikling talakayang may kaugnayan sa pagganyak na ibinigay sa klase. **(6)** Sa ikalawang sesyon ay naganap ang aktwal na pagsulat ng mga mag-aaral ng panukalang proyekto na nagsilbing *post-test* na gumamit ng lokalisado at hindi lokalisadong kagamitan bilang modelo o hulwaran.



Karagdagang Gawain

Panuto: Gumawa ng isang *Collage*. Sumulat ng *Pictorial essay* na ang paksa ay suliraning panlipunan na kinakaharap ngayon ng ating bansa. Isulat sa sagutang papel.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. A
 2. D
 3. B
 4. D
 5. B

Balikan
 Malayang sagot

Tuklasin
 Malayang sagot

Pagymanin
 Gawain 1
 Malayang Sagot
 Gawain 2
 Malayang Sagot

Isaisip	1. Pictorial Essay
	2. Organisado
	3. Imahé
	4. Paksa
	5. Mambabasa

Isagawa	Gawain 1	Malayang Sagot
----------------	-----------------	----------------

Tayahin	1. A
	2. A
	3. D
	4. A
	5. D

Sanggunian

Mula sa mga Aklat

Badayos, P. B. (1999). Metodolohiya sa pagtuturo ng wika. Makati City: Grandwater Publications and Research Corporation.

Mendoza, A. S. 2017. TEKSTO AT KONTEKSTO TUNGO SA KOMUNIKATIBONG PAGSASALIN NG THE CONFUCIAN BIBLE BOOK 1. ANALECTS. Pananaliksik. Pamantasang Normal ng Pilipinas. Maynila

_____. 2009. Salamhay unang edisyon. A & C publishing house. Manila. Philippines.

_____. 2010. Salamhay ikalawang edisyon. A & C publishing house. Manila. Philippines.

_____. 2015. Salamhay ikalimang edisyon. A & C publishing house. Manila. Philippines.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph